

PAG-INTINDI SA MGA PATALASTAS NA “FOR RENT”



Karamihan sa mga arawan at lingguhang mga pahayagan sa Canada ay may seksiyon ng Classified Advertising, kung saan inilalathala nila ang mga advertisement (o “anunsiyo”) para sa mga apartment o bahay na maaaring upahan. Upang makatipid sa espasyo, marami sa mga anunsiyo na iyon ang gumagamit ng espesyal na mga salita na maaaring nakakalito sa sinuman na hindi alam kung ano ang kahulugan ng mga iyon.

Upang matulungan kayo na maintindihan ang mga anunsiyo ukol sa pagpapaupa, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng sumusunod na talaan ng ilan sa pinaka-karaniwang mga termino ng Classified Ad at mga daglat:

- **A/C**—air conditioning, karaniwang central air conditioning, na nangangahulugang ang hangin ay nanggaling mula sa mga pang-init na singawan kaysa pamamagitan ng isang unit na nailalapat sa isang bintana.
- **apartment**—isang unit na independiyente na may sariling pribadong pasukan. Ang mga apartment ay maaaring nasa isang bahay o nasa isang gusali na mababa o mataas.
- **appl**—mga appliance. Lahat ng apartment ay dapat may kalakip na isang refrigerator at isang stove. Ang ilan ay may ibang mga appliance rin tulad ng isang dishwasher o isang washer at dryer ng mga damit.
- **bachelor o studio**—isang apartment na may isang silid lang, na ginagamit para sa isang silid-tulugan at sala, at saka hiwalay na banyo.
- **basement**—isang apartment sa basement ng isang bahay. Ang mga basement apartment ay karaniwang mas mura kaysa mga apartment na nasa ibabaw ng lupa, ngunit ang mga ito ay maaari ring malamig, mahamog at may kaunting ilaw. Iwasan ang mahamog o maamag na mga basement, lalo na kung kayo ay may hika.
- **BR o bdrm**—ang bilang ng hiwalay na mga silid-tulugan sa apartment. Halimbawa, ang isang “2BR” o “2 bdrm” apartment ay isang apartment na may dalawang silid-tulugan. Sa Quebec, ang isang “2 1/2 BR” o “2 1/2 bdrm” ay isang apartment na may dalawang silid na may isang pribadong banyo.
- **cable**—serbisyo ng cable TV (o television). Ang cable TV ay naghahandog ng mas mabuting resepsiyon at higit na mga channel kaysa matanggap ng TV na may antenna. Ang ilang mga apartment ay may kalakip na “libreng” cable TV bilang bahagi ng buwanang upa.
- **flat**—isang apartment sa loob ng isang bahay. Ang isang flat ay dapat may sariling pintuan na nakakandado, ngunit posibleng pagsasaluhan ninyo ng ibang mga nangungupahan ang pangharap na pasukan.

- **furn**—isang apartment na may mga kagamitan na. Ang isang furnished apartment ay may kalakip na mga bagay gaya ng (mga) kama, muwebles, kurtina, refrigerator, stove at mga pangunahing kasangkapan sa kusina. Bilang bunga, ang mga furnished apartment ay maaaring higit na mahal kaysa mga unfurnished apartment. Kung mangungupahan kayo ng isang furnished apartment, hilingin sa landlord na linisin ang muwebles at mga karpét bago kayo lumipat.
- **hrdwd**—mga sahig na hardwood o gawa sa matigas na kahoy. Ang mga sahig na hardwood ay maaaring mas mabuti sa kalusugan kaysa mga karpét kung kayo o sinuman sa inyong pamilya ay may mga allergy o iba pang mga problema sa paghinga.
- **junior one-bedroom**—isang apartment na mas malaki kaysa isang bachelor apartment ngunit mas maliit kaysa karaniwang apartment na may isang silid.
- **NS o non-smkr**—isang apartment na iniaalok lang sa mga nagungupahan na hindi naninigarilyo.
- **prkg**—ang bilang ng paradahan na kasama sa apartment. Halimbawa, ang “1 prkg” ay nangangahulugang ang apartment ay may isang lugar na paradahan, ang “2 prkg” ay nangangahulugang dalawang lugar na paradahan, at sa ganoong paraan. Maaari o maaaring hindi kabilang sa upa ang gastos sa espasyo ng paradahan.
- **sq. ft.**—ang sukat ng apartment, gaya ng sinukat sa kwadrado piye. Sa karamihan sa mga probinsiya, ang isang 400 sq. ft. na apartment ay ikinukunsiderang maliit, habang ang isang 2,000 sq. ft. na bahay ay sapat na malaki. Upang isalin ang kwadrado piye sa kwadrado metro, multiplikahin ang numero sa 0.09. Halimbawa, ang isang 2,000 sq. ft. na apartment ay $(2,000 \times 0.09) = 180$ kwadrado metro.
- **util**—ang mga utility na kailanganin ninyo para sa inyong bahay. Kabilang sa mga ito ang: kuryente para sa mga ilaw, stove at microwave; gas, langis o kuryente para sa init; cable TV; telepono o Internet service; at tubig. Ang ilang mga apartment ay may kalakip na gastos para sa ilan o lahat ng mga utility sa buwanang upa. Sa iba, maaaring kailanganin ninyong isaayos at sariling bayaran ang mga utility. Kung ang patalastas ay nagbibigay ng plus na simbolo (hal., \$695+), nangangahulugan ito na magbabayad kayo para sa mga utility dagdag sa buwanang upa.
- **w/o**—isang walk-out na pintuan patungo sa isang deck o balkonahe, karaniwang palabas ng kusina.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa www.cmhc.ca/newcomers.